**WASHINGTON**
Exposure Notifications

**Ano ang Washington Exposure Notifications?**
Ang Washington Exposure Notifications (Mga Notipikasyon sa Pagkakalantad ng Washington) (kilala ring WA Notify (Pag-abiso ng WA)) ay isang bagong tool na gumana sa mga smartphone, nang hindi nagbabahagi ng anumang personal na impormasyon, para abisuhan ang mga user kung nalantad sila sa COVID-19. Ganap na pribado ito at hindi nito alam o sinusubaybayan kung sino ka o saan ka pumupunta.

**Paano ito gumagana?**
Kapag na-enable mo ang WA Notify, nakikipagpalitan ang telepono mo ng mga random at walang pagkakakilanlang code sa mga taong malapit sa iyo na nag-enable din ng WA Notfiy. Gumagamit ang app ng teknolohiya ng Bluetooth Low Energy (BLE, Mababang Enerhiya ng Bluetooth) para makipagpalitan ng mga random na code na ito nang hindi ibinubunyag ang anumang impormasyon tungkol sa iyo. Kung ang ibang user ng WA Notify na naging malapit sa iyo sa nakaraang dalawang linggo ay masusuring positibo para sa COVID-19 sa kalaunan at idinagdag nila sa app ang kanilang code sa pagberipika, makakakuha ka ng abisong walang impormasyon ng pagkakakilanlan na nagsasabing nagkaroon ka ng posibleng pagkakalantad. Nagbibigay-daan ito para makuha mo kaagad ang pangangalagang kailangan mo at pinipigilan ka nitong maihawa ang COVID-19 sa mga tao sa paligid mo.

**Paano ito makakatulong?**
Natuklasan sa mga pag-aaral na mas marami ang benepisyo kapag mas maraming tao ang gumagamit ng notipikasyon sa pagkakalantad. Ipinapakita ng mga modelo batay sa tatlong county sa estado ng Washington na kahit ang maliit na bilang ng mga tao doon na gumagamit ng WA Notify ay makakabawas sa mga impeksiyon at pagkamatay. Gaya ng pagsusuot ng mga mask, pisikal na distansiya sa iba, at pananatiling maliit ang mga pagpupulong, ang WA Notify ay isa pang paraan para makatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

**Paano pinoprotektahan ang privacy ko?**
Ang WA Notify ay batay sa teknolohiya ng Notipikasyon sa Pagkakalantad ng Google/Apple, na idinisenyo para protektahan ang privacy ng user. Hindi kailanman nangongolekta o nagbabahagi ang sistema ng anumang data ng lokasyon o personal na impormasyon sa Google, Apple, Washington State Department of Health (DOH, Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington), o iba pang user. Ganap na boluntaryo ang iyong pakikilahok. Puwedeng mag-opt in o mag-opt out ang mga user anumang oras.

**Paano ko makukuha ang WA Notify sa aking telepono?**

| | |
|---|---|
| **Sa iPhone**, i-enable ang Mga Exposure Notification sa Mga Setting:<br>- Pumunta sa Mga Setting<br>- Mag-scroll pababa sa Mga Exposure Notification<br>- I-click ang "I-on ang Mga Exposure Notification"<br>- Piliin ang United States<br>- Piliin ang Washington | **Sa Android na telepono:**<br>- pumunta sa Google Play Store<br>- I-download ang app na Washington Exposure Notifications |

**Bakit pinili ng Washington ang solusyong ito?**
Bumuo ang Washington ng grupo sa pangangasiwa ng estado, kasama ang mga eksperto sa seguridad at mga kalayaang sibil at mga miyembro ng iba't ibang komunidad, para suriin ang solusyon ng Apple/Google. Inirekomenda ng grupo ang paggamit nito batay sa napatunayan ng pagiging maaasahan, matatag na proteksiyon ng data, at paggamit ng plataporma ng iba pang estado.